



NEWS RELEASE

baaqmd.gov



PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Setyembre 6, 2023

MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, inanunsyo ang pagtatalaga ng tatlong bagong deputy na tagapagpaganap na opisyal

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang pagtatalaga ng tatlong bagong deputy na tagapagpaganap na opisyal sa meeting ng Lupon ng Mga Direktor ngayong araw.

Kasama sa tatlong bagong pagtatalaga sina:

- **Meredith Bauer** bilang Deputy na Tagapagpaganap na Opisyal ng Engineering at Pagsunod
- **Hyacinth “Hy” Hinojosa** bilang Deputy na Tagapagpaganap na Opisyal ng Pananalapi at Pangangasiwa
- **Viet Tran** bilang Deputy na Tagapagpaganap na Opisyal ng Mga Ugnayan sa Publiko

"Ikinalulugod kong i-welcome ang ating mga bagong deputy na tagapagpaganap na opisyal, na may kaalaman at karanasang tiyak na magpapaigting sa ating mga pagsisikap na protektahan ang kalidad ng hangin at ang kalusugan ng lahat ng nakatira sa Bay Area," sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. "Kinukumpleto ng mga pagtatalagang ito ang bagong tagapagpaganap na pamunuan ng Distrito ng Hangin, at sa pamamagitan ng mga ito, matitiyak na handa tayong tugunan ang mga pagsubok sa kalidad ng hangin sa buong rehiyon, lalo na sa mga komunidad na pinakaapektado ng polusyon sa hangin."

Sasamahan ng mga katatalaga lang na deputy na tagapagpaganap na opisyal si Veronica Eady na naglilingkod bilang deputy na tagapagpaganap na opisyal ng mga programa sa pagkakapantay-pantay at komunidad, at si Greg Nudd, ang deputy na tagapagpaganap na opisyal ng agham at polisiya.

Nakuha ni Dr. Meredith Bauer ang kanyang doctoral degree sa atmospheric science mula sa University of California, Berkeley, at ang kanyang bachelor's degree sa natural resources sa Cornell University. Mahigit 20 taon siyang nagtrabaho sa Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran sa U.S., at malawak ang kanyang karanasan sa pamamahala ng iba't ibang programa sa kalidad ng hangin. Isa siyang assistant director sa Rehiyon IX ng EPA sa kasalukuyan, na sumusubaybay sa mga permit at panuntunan. Susubaybayan ni Meredith ang mga operasyon ng dibisyon ng Engineering/Pagbibigay ng Permit at Pagsunod at Pagpapatupad ng Distrito ng Hangin, pati ang programa sa Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan/Pagbabawas ng Panganib.

Nakuha ni Hy Hinojosa ang kanyang master's degree sa public administration sa California State University, Long Beach, at ang kanyang bachelor's degree sa economics sa San Diego State University. Mahigit dalawampu't limang taon ang karanasan niya sa pamamahala sa pederal at lokal na pamahalaan, at kamakailan ay naglingkod siya bilang deputy na tagapangasiwa ng county ng County ng Marin, kung saan pinanungahan niya ang mga pagsisikap sa emergency na pagtugon ng county para sa COVID-19, pati sa mga wildfire at pag-shut down ng kuryente. Dati siyang nagtrabaho bilang senior policy advisor sa Komite sa Pananalapi ng Senado ng U.S., at assistant regional commissioner sa Pangasiwaan ng Seguridad na Panlipunan ng U.S. Susubaybayan ni Hy ang mga operasyon ng dibisyon ng Human Resources, Pananalapi at Pangangasiwa, at Mga Serbisyo para sa Impormasyon ng Distrito ng Hangin.

Nakuha ni Viet Tran ang kanyang bachelor's degree sa public administration at public policy sa University of Southern California. Mahigit dalawampung taon ang karanasan niya sa pribado at pampublikong sektor, kung saan namamahala at nagpapatupad siya ng mga diskarte sa ugnayang pampubliko at nakikipagtulungan siya sa mga naihalal na opisyal sa pederal, estado, at lokal. Sa kanyang papel bilang direktor ng mga ugnayan sa publiko sa Entergy New Orleans, naglingkod si Viet bilang tagapagsalita ng kumpanya sa mga organisasyon ng pamahalaan at komunidad, pati sa media. Dati siyang naglingkod bilang area director sa Tanggapan ng Mayor ng Los Angeles. Susubaybayan ni Viet ang Komunikasyon, Mga Pambatasan at Inter-governmental na Ugnayan, at Outreach/Mga Espesyal na Proyekto ng Distrito ng Hangin.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)